Social Security

# Paano Naaapektohan Ng Trabaho Ang Iyong Mga Benepisyo

2012

www.socialsecurity.gov

# Paano Naaapektohan Ng Trabaho Ang Iyong Mga Benepisyo

Habang ikaw ay nagtratrabaho ay makakakakuha ka pa rin ng mga benepisyo ng Social Security sa pagreretiro o mga benepisyo para sa mga nabiyudo/nabiyuda at na-ulila. Ngunit kung ikaw ay mas bata kaysa sa edad ng buong pagreretiro at kumikita ka nang mas malaki kaysa sa ilang mga takdang halaga, ang iyong mga benepisyo ay mababawasan. Ngunit mahalagang tandaan na kahit na may pagbabawas sa benepisyo, ang mga ito ay hindi talaga nawawala. Ang iyong benepisyo ay tataas sa iyong edad ng buong pagreretiro upang makuha ang mga benepisyong na-withhold dahil sa mga kinita dati. (Ang mga asawa o mga nabiyudo/nabiyuda na tumatanggap ng mga benepisyo dahil sila ay may menor-de-edad o may kapansanan na mga anak sa kanilang pangangalaga ay hindi tatanggap ng mas maraming benepisyo sa kanilang edad ng buong pagreretiro kung ang kanilang mga benepisyo ay na-withhold dahil sa trabaho.)

***PAUNAWA:*** *Ibang mga alituntunin ang umaaplay kung ikaw ay tumatanggap ng mga benepisyo ng Social Security para sa kapansanan o mga pagbabayad ng Supplemental Security Income. Kung gayon ay dapat mong iulat sa Social Security ang lahat ng mga kinikita. At iba rin ang mga alituntuning umaaplay kung ikaw ay nagtratrabaho sa labas ng Estados Unidos. Kontakin kami kung ikaw ay nagtratrabaho (o nagpaplanong magtrabaho) sa labas ng bansa.*

## Magkano ang maaari mong kitain at makakuha pa rin ng mga benepisyo?

**Kung ikaw ay ipinanganak sa pagitan ng ika-2 ng Enero 1943 at ika-1 ng Enero 1955**, ang iyong edad ng buong pagreretiro para sa mga benepisyo ng insurance sa pagreretiro ay 66 taong gulang. *Kung nagtratrabaho ka at ikaw ay nasa edad ng buong pagreretiro o mas matanda, maaari mong makuha ang lahat ng iyong mga benepisyo, gaano man ang iyong kinikita. Kung ikaw ay mas bata sa edad ng buong pagreretiro, may limit sa kalakihan ng maaari mong kitain at makakuha pa rin ng mga buong benepisyo sa Social Security.* Kung ikaw ay mas bata sa edad ng buong pagreretiro sa buong 2012, dapat kaming magbawas ng $1 mula sa iyong mga benepisyo para sa bawat $2 na kinita mo lampas ng $14,640.

**Kung ikaw ay umabot sa edad ng buong pagreretiro sa 2012**, dapat kaming magbawas ng $1 mula sa iyong mga benepisyo para sa bawat $3 na kinita mo lampas ng $38,880 hanggang sa buwan na ikaw ay umabot sa edad ng buong pagreretiro.

## Ipinapakita ng mga halimbawang ito kung paano ka maaapektohan ng mga alituntunin:

Ipagpalagay na natin na ikaw ay nag-file para sa mga benepisyo sa Social Security sa edad 62 noong Enero 2012 at ang iyong kabayaran ay $600 bawat buwan ($7,200 para sa taon). Sa

panahon ng 2012, balak mong magtrabaho at kumita ng $20,800 ($6,160 higit pa sa $14,640 na limitasyon). Kami ay magwi-withhold ng $3,080 sa iyong mga benepisyo sa Social Security ($1 sa bawat $2 na iyong kinita na higit pa sa limitasyon). Para gawin ito, kami ay magwi-withhold ng lahat ng mga kabayaran mula Enero 2012 hanggang Hunyo 2012. Simula sa Hulyo 2012, ikaw ay makakatanggap ng iyong $600 na benepisyo at ang halagang ito ay babayaran sa iyo bawat buwan para sa natitirang mga buwan ng taon. Sa 2013, ikaw ay babayaran namin ng karagdagang $520 na aming naikait (withheld) noong Hunyo 2012.

O, ipagpalagay na natin na ikaw ay hindi pa lubusang nasa edad na magretiro sa pagsisimula ng taon, ngunit sasapit ito sa Nobyembre 2012. Ikaw ay kumita ng $39,960 sa loob ng 10 buwan mula Enero hanggang Oktubre. Sa loob ng panahong ito, kami ay magwi-withhold ng $360 ($1 sa bawat $3 na iyong kinita na higit pa sa $38,880 na limitasyon). Upang magawa ito, nais namin na mag-withhold sa iyong unang tseke sa taon. Simula sa Pebrero 2012, ikaw ay makakatanggap ng iyong $600 na benepisyo, at ang halagang ito ay babayaran sa iyo bawat buwan para sa natitirang mga buwan ng taon. Babayaran namin sa iyo ang natitirang $240 dolyar sa Enero 2013.

## Ang iyong mga kinikita at ang iyong mga benepisyo – magkano ang makukuha mo?

Bibigyan ka ng sumusunod na talangguhit ng ideya kung magkano ang matatanggap mong mga benepisyo sa Social Security para sa 2012, batay sa iyong mga buwanang benepisyo at tinantiyang kikitain.

| **Para sa mga táong mas bata sa edad ng buong pagreretiro sa buong taon** | | |
|---|---|---|
| ***Kung ang iyong buwanang benepisyo sa Social Security ay*** | ***At ang kita mo ay*** | ***Tatanggap ka ng mga taunang benepisyo na*** |
| $700 | $14,640 o mas mababa | $8,400 |
| $700 | $15,000 | $8,220 |
| $700 | $20,000 | $5,720 |
| $900 | $14,640 o mas mababa | $10,800 |
| $900 | $15,000 | $10,620 |
| $900 | $20,000 | $8,120 |
| $1,100 | $14,640 o mas mababa | $13,200 |
| $1,100 | $15,000 | $13,020 |
| $1,100 | $20,000 | $10,520 |

## Anong kita ang sinasama… at kailan namin ito sinasama?

Kung nagtratrabaho ka para sa ibang tao, ang sinasahod mo lamang ang isasama sa pagkuwenta ng mga limit ng Social Security sa

kita. Kung ikaw ay nasa sariling empleyo, isasama lamang namin ang iyong mga netong kita mula sa sariling empleyo. Hindi namin binibilang ang kinikita tulad ng ibang mga benepisyo sa gobyerno, mga kinikita sa puhunan, interes, mga pensyon, mga kinikita sa taon (annuities), at mga kapital na natamo (capital gains). Gayunpaman, hindi namin binibilang ang kontribusyon ng isang empleyado sa isang pensyon o plano sa pagreretiro kung ang halaga ng kontribusyon ay kasama sa kabuuang sahod ng empleyado.

Kung sumasahod ka, ang kita ay isasama kapag ito ay kinita, hindi kapag ito'y binayaran. Kung mayroon kang kita na kinita mo sa isang taon, ngunit ang bayad ay ibinigay sa susunod na taon, hindi ito dapat isama bilang mga kita para sa taong natanggap mo ito. Ang ilang mga halimbawa ay ang naipong sick pay (bayad habang may sakit) o bayad sa bakasyon at mga bonus.

Kung ikaw ay nasa sariling empleyo, ang kita ay isinasama kapag natanggap mo ito—hindi kapag kinita mo ito—maliban kung binayaran ito sa taon pagkatapos mo naging karapat-dapat sa Social Security at kinita mo ito bago ka naging karapat-dapat.

## Natatanging alituntunin para sa unang taong nagretiro ka

Minsan, ang mga taong nagreretiro sa kalagitnaan ng taon ay kumita na ng higit pa sa taunang limit sa mga kita. Iyon ang dahilan



(kabila)

kung bakit may natatanging alituntunin na aaplay sa mga kita para sa isang taon, karaniwan ang unang taon ng pagreretiro. Sa ilalim ng alituntuning ito, makukuha mo ang buong tseke ng Social Security para sa anumang buong buwan na ikaw ay retirado, anuman ang iyong mga taunang kita.

Sa 2012, ang isang tao na wala pa sa edad ng buong pagreretiro ay tinuturing na retirado kung ang mga buwanang kita ay $1,220 o mas mababa. Halimbawa, si John Smith ay magreretiro sa edad na 62 sa ika-30 ng Oktubre 2012. Kikita siya ng $45,000 hanggang sa buong Oktubre.

Kumuha siya ng part-time na trabaho simula ng Nobyembre, at kumikita ng $500 bawat buwan. Bagama't ang kanyang mga kita para sa taon ay higit na lumampas ng 2012 na limit para sa bawat taon ($14,640), tatanggap siya ng bayad ng Social Security para sa Nobyembre at Disyembre. Ito'y dahil ang kanyang mga kita sa mga buwang iyon ay $1,220 o mas mababâ, na siyang buwanang limit para sa mga taong mas bata sa edad ng buong pagreretiro. Kung kumita si Mr. Smith ng higit sa $1,220 sa alinman sa mga buwang iyon (Nobyembre o Disyembre), hindi siya tatanggap ng benepisyo para sa buwang iyon. Simula sa 2013, ang mga limit bawat taon lamang ang aaplay sa kanya.

At kung ikaw ay nagsasariling empleyo, titingnan namin kung gaano karami ang trabahong ginagawa mo sa iyong negosyo upang malaman kung ikaw ay retirado. Ang isang paraan ay ang tingnan ang dami ng panahong ginugugol mo sa pagtratrabaho. Sa pangkalahatan, kung nagtrabaho ka ng higit sa 45 oras bawat buwan sa sariling empleyo, hindi ka retirado; kung nagtrabaho ka ng wala pang 15 oras bawat buwan, ikaw ay retirado.

Kung nagtrabaho ka mula 15 hanggang 45 oras bawat buwan, hindi ka ituturing na retirado kung ito'y sa isang trabaho na nangangailangan ng maraming kasanayan o kung ikaw ay namamahala ng malaki-laking negosyo.

## Dapat mo bang iulat ang mga pagbabago sa iyong mga kita?

Isinaayos namin ang halaga ng iyong mga benepisyo sa Social Security sa 2012 batay sa sinabi mo sa amin na kikitain mo sa taong ito. Kung sa palagay mo'y ang iyong mga kita para sa 2012 ay maiiba sa sinabi mo dati sa amin, sabihin mo kaagad sa amin.

Kung nakakakuha ng mga benepisyo ang ibang mga kapamilya batay sa iyong trabaho, ang iyong mga kita pagkatapos mo magsimulang makakuha ng mga benepisyo sa pagreretiro ay maaaring makabawas din sa kanilang mga benepisyo. Gayunman, kung ang iyong asawa at mga anak ay nakakakuha ng mga benepisyo bilang mga kapamilya, ang kanilang mga kita ay magkakaroon lamang ng epekto sa kanilang mga sariling benepisyo.

Kung kailangan mo ng tulong upang malaman kung ano ang iyong mga kita, kontakin kami. Kapag tumawag ka, ihanda mo ang iyong numero ng Social Security.

## Makakatanggap ka ba ng mas mataaas na buwanang benepisyo sa darating na panahon kung ang iyong mga benepisyo ay na-withhold dahil sa trabaho?

Oo. Kung ang ilan sa iyong mga benepisyo sa pagreretiro ay na-withhold dahil sa iyong mga kita, ang iyong mga benepisyo ay tataas simula

ng iyong edad ng buong pagreretiro upang isaalang-alang ang mga buwan kung kailan nag-withhold ng mga benepisyo.

Halimbawa, sabihin natin na kinukuha mo ang mga benepisyo sa pagreretiro nang ikaw ay naging 62 sa 2012 at ang iyong bayad ay $750 bawat buwan. Pagkatapos ay bumalik ka sa trabaho at nag-withhold sa iyo ng 12 buwan ng mga benepisyo. Kakalkulahin namin muli ang iyong benepisyo sa iyong edad ng buong pagreretiro na 66 at babayaran ka namin ng $800 bawat buwan (sa halaga ng dolyar ngayon). Baka rin namang kumita ka nang malaki sa pagitan ng 62 at 66 taong gulang at sa gayon ay mawi-withhold ang lahat ng mga benepisyo sa mga táong iyon. Sa gayon, babayaran ka namin ng $1,000 bawat buwan simula sa edad na 66.

## Mayroon pa bang ibang mga paraan kung paano maitataas ng trabaho ang iyong mga benepisyo?

Oo. Bawat taon ay nirerebyu naming ang mga rekord para sa lahat ng mga tumatanggap ng Social Security na nagtratrabaho. Kung ang iyong pinakahuling taon ng mga kita ay lumalabas na isa sa iyong pinakamataas na mga taon, kakalkulahin namin muli ang iyong mga benepisyo at ibabayad namin sa iyo ang anumang nararapat na dagdag. Ito ay isang awtomatikong proseso at ang mga benepisyo ay babayaran sa Disyembre ng susunod na taon. Halimbawa, sa Disyembre 2012, ikaw ay dapat makakuha ng dagdag para sa iyong mga kinita sa 2011 kung ang mga kinitang iyon ay nagpataas sa iyong benepisyo. Ang pagtataas ay magiging retroaktibo (retroactive) sa Enero 2012.

## Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na makatatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

**Social Security Administration**
SSA Publication No. 05-10069-TL
How Work Affects Your Benefits (Tagalog)
March 2012